



Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department

www.acphd.org

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Health Officer

Patnubay sa Screening para sa COVID-19 para sa mga Negosyo at Organisasyon INI-UPDATE NOONG MAYO 7, 2021

LAYUNIN NG DOKUMENTONG ITO

Ang dokumentong ito ay nagbibigay ng gabay sa pag-screen ng pagkahantad at mga sintomas ng COVID-19 para sa mga negosyo at organisasyon para magsagawa ng ligtas at binagong operasyon. Ang mga pamamaraan sa screening ay dapat ipatupad para sa lahat ng tauhan (halimbawa, mga empleyado, kontratista, boluntaryo, atbp.) bago ang simula ng bawat shift.

Alinsunod sa [Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya sa COVID-19 ng Cal/OSHA, ang sinumang tauhang hindi nabakunahan](#)—nagpapakita man ng sintomas o hindi nagpapakita ng sintomas—na nahantad kamakailan sa COVID-19 ay hindi dapat pinahihintulatang pumasok sa lugar na pinagtatrabahuhan. Ang sinumang tauhang ganap na nabakunahan na nahantad kamakailan sa COVID-19 na nananatiling walang sintomas ay hindi na kinakailangang hindi maisama sa trabaho pagkatapos mahantad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng hindi pagsama sa lugar na pinagtatrabahuhan, tingnan ang [Mga Madalas Itanong Tungkol sa mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya sa COVID-19](#).

Pagbalik sa Trabaho Pagkatapos ng Pagbubukod ng Sarili o Pag-quarantine

Sinusunod ng Alameda County Public Health Department (ACPHD, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda) ang mga istratohiyang nakabatay sa sintomas at nakabatay sa panahon ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) para malaman kung kailan ang isang taong may COVID-19 ay maaaring [makaalis mula sa pagkakabukod ng sarili sa bahay](#); ang ACPHD ay **hindi iniaatas o hinihikayat ang pag-aatas** sa negatibong resulta ng pagsusuri—o anumang mga karagdagang hakbang sa pagpapahintulot—para sa mga tauhang bumalik sa trabaho. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa [Bukas na Liham ng County ng Alameda sa mga Empleyado Tungkol sa Pagsusuri para Mapahintulatang Bumalik sa Trabaho](#) at sa [Gabay sa Pagbubukod ng Sarili ng CDC](#).

PAG-SCREEN NG MGA TAUHAN

Ang lahat ng tauhan (halimbawa, mga empleyado, kontratista, boluntaryo, atbp.) ay dapat magsagawa ng sariling pagsusuri ng mga sintomas at temperatura para sa COVID-19 bago ang simula ng bawat shift. Ang mga tauhang nagpapakita ng mga sintomas ay **hindi dapat** pinahihintulatang pumasok sa lugar na pinagtatrabahuhan. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Gabay sa Pagsusuri sa Sarili ng mga Tauhan para sa COVID-19](#).



MGA PANG-ARAW-ARAW NA ITINATANONG SA SCREENING

Ang mga screening sa mga sintomas at pagkahantad sa COVID-19 ay dapat isagawa **bukod sa** iba pang mga hakbang sa pag-iwas gaya ng paghuhugas ng mga kamay nang madalas, pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, pagpapanatili ng 6 na talampakang pisikal na distansya mula sa ibang tao, pagpapabuti ng bentilasyon, at paglikha ng pisikal na pangharang gamit ang mga materyales na gaya ng Plexiglass para mapahupa ang pagkahawa ng COVID-19 sa mga panahon kung kailan hindi mapapanatili ang pisikal na pagdidistansya.

Dapat itanong ang mga katanungan sa ibaba sa lahat ng tauhan bago ang simula ng bawat shift. Kung "oo" sa alinman sa mga sumusunod na katanungan, ang tauhang iyon ay dapat pauwiin para sundin ang [mga hakbang sa pagbubukod ng sarili/pag-quarantine](#).

MGA TANONG SA SCREENING NG MGA SINTOMAS AT PAGKAHANTAD SA COVID-19

Sa nakalipas na 10 araw, nasurian ka bang may (iyon ay, nasuriang positibo para sa) COVID-19?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Sa nakalipas na 14 na araw, may nalapitan ka bang* nasuriang positibo para sa at/o ibinibukod ang sarili para sa COVID-19?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Sa loob ng 24 na oras, nakaranas ka ba ng alinman sa mga sumusunod na sintomas na hindi maipaliwanag ang dahilan bukod sa potensyal na pagkakaroon ng COVID-19?	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
<input type="checkbox"/> Lagnat, Ginaw, o Paulit-ulit na Panginginig/Pangangatal	<input type="checkbox"/> Pananakit ng Kalamnan
<input type="checkbox"/> Ubo	<input type="checkbox"/> Pananakit ng Ulo
<input type="checkbox"/> Pananakit ng Lalamunan	<input type="checkbox"/> Sinisipon
<input type="checkbox"/> Pangangapos ng Hininga, Kahirapang Huminga	<input type="checkbox"/> Baradong Ilong
<input type="checkbox"/> Hindi Pangkaraniwang Panghihina o Pagod	<input type="checkbox"/> Pagtatae
<input type="checkbox"/> Pagkawala ng Panlasa o Pang-amoy	<input type="checkbox"/> Pagkaalibadbad at/o Pagsusuka

*Ang paglapit ay inilalarawan bilang isang taong nasa loob ng 6 na talampakan para sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa loob ng 2 araw bago ang pagsisimula ng sakit, ito man ay paglapit na nakasuot ng mask.



MGA KONSIDERASYON PARA SA MGA ITINATANONG SA SCREENING PARA SA COVID-19

Sino ang mai-screen para sa mga sintomas at pagkahantad sa COVID-19?

Alamin kung sino ang tatanungin tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 at posibleng pagkahantad sa COVID-19: mga tauhan lamang o bawat isang pumapasok sa gusali?

Sino ang magbibigay ng mga katanungan para sa pag-screen sa COVID-19?

Isaalang-alang ang digital na platform para sa pagkolekta ng impormasyon sa pag-screen para sa COVID-19. Kung hindi posible ang digital na platform, siguraduhing binabawasan ang bilang ng mga tauhang magbibigay ng tanong sa screening. Kabilang sa mga karagdagang konsiderasyon ang:

- Ang oras na kailangan para tanungin ang tauhan ng mga katanungan sa screening ay maaaring magdulot ng pagsisiksikan sa pasukan, na magpapaantala sa simula ng trabaho at magdulot ng mahahabang pila.
- Alinsunod sa [Utos sa Pantakip sa Mukha ng Estado ng California](#), ang (mga) indibidwal na nagsasagawa ng mga screening para sa COVID-19 ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha o facemask sa lahat ng oras, lalo na kapag nakikipag-usap sa isa't isa.

Saan isasagawa ang mga screening?

Pagpasyahan kung saan isasagawa ang mga screening.

- Dapat isagawa ang mga screening bago pumasok ang indibidwal sa gusali, o agad pagkatapos.
- Kung magtatanong nang pasalita, ang screening station ay dapat nakadisenyo sa paraang pinananatili ang kumpidensyalidad.
- Ang screening station ay dapat magkaroon ng sapat na espasyo para sa mga indibidwal para makapagpanatili ng 6 na talampakang pisikal na distansya habang hinihintay ang screening. Maglagay ng mga marka sa sahig kada 6 na talampakan para ipakita ang mga nararapat na lugar na pagtatayuan habang naghinihintay na ma-screen sa pagpasok.
- Maaaring kailanganing isara ang ilang pasukan sa mga gusali para mapigilan ang pagpasok ng mga tao nang hindi nai-screen.

Karagdagang kaligtasan sa screening at mga konsiderasyon sa pagsubaybay:

- Ang bawat isa ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha o facemask sa panahon ng mga pagsusuri sa screening.
- Alinsunod sa gabay ng Estado ng California, ang bawat isa ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha kapag tinatanong sa screening nang personal. Ang mga walang suot na face mask o pantakip sa mukha ay maaaring bigyan nito, kung mayroong supply. Ang pantakip sa mukhang ito ay maaaring kasing-simple ng bandana o katulad na parisukat na tela.
- Alisin ang mga bagay na ginagamit din ng iba. Halimbawa, ipagamit sa iba ang mga bolpen. Kung



kailangang ipagamit sa iba ang mga bagay, i-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit.

MGA KONSIDERASYON PARA SA PAGSUKAT NG MGA TEMPERATURA

Hindi inirerekomenda sa karamihan sa mga negosyong magsagawa ng mga screening sa temperatura. Hindi pinapalitan ng mga screening sa temperatura ang ibang mga hakbang sa pagkontrol gaya ng screening sa sintomas at pagsusuri ng sarili para sa potensyal na pagkahantad sa COVID-19, pagpapanatili ng 6 na talampakang mga distansya mula sa iba, pagsusuot ng pantakip sa mukha at mga facemask, at paglalagay ng mga pisikal na pangharang gaya ng salamin at plastik sa bintana sa pagitan ng mga taong hindi laging makakapagpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa iba.

Tandaan: Mag-screen mula sa para sa mga sintomas ng COVID-19. Ang mga tauhang sumagot ng oo sa alinman sa mga tanong sa screening at pagsusuri sa sarili ay hindi na kailangang ipatingin ang kanilang temperatura at dapat manatili sa bahay/umuwi.

Habang hindi inirerekomenda sa karamihan sa mga negosyong magsagawa ng mga screening sa temperatura, inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang pagtatanong ng **parehong** mga tanong sa screening **at** pagsukat ng mga temperatura sa pagdating para sa mga sumusunod na grupo:

- Mga tauhang pumapasok sa trabaho sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang skilled nursing at long-term care. Para sa karagdagang gabay, tingnan ang [Mga Pasilidad para sa Pangmatagalang Pangangalaga ng County ng Alameda](#).
- Mga tauhan, bumibisita, at mga taong nakakulong sa mga pasilidad na koreksyonal/detensyon.
- Mga manggagawa sa kritikal na imprastruktura na pinahihintulatang magpatuloy sa pagtatrabaho pagkatapos ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19, kabilang ang:
 - Pederal, pang-estado, at lokal na tagapagpatupad ng batas
 - Mga empleyado ng call center ng 911
 - Mga empleyado ng Fusion Center
 - Mga tagaresponde sa mapanganib na materyal mula sa mga sektor ng pamahalaan at pribadong sektor
 - Mga tauhan ng paglilinis at iba pang tauhang tagapag-ingat
 - Mga manggagawa – kabilang ang mga nakakontratang vendor – sa mga pasilidad ng pagkain at agrikultura, kritikal na pagmamamupaktura, informational technology, transportasyon, enerhiya at pamahalaan
 - Mga kliyenteng dumarating sa mga shelter para sa walang tirahan



- Mga batang dumarating sa mga programa ng childcare, kabilang ang mga programang pre-K (pre-kindergarten)

Nakasaad sa mga patnubay ng CDC na maaaring pahintulutan ng mga programa ng childcare ang magulang na kunin ang temperatura ng anak gamit ang thermometer bago at sa pagpasok, at pagkatapos at iulat ang temperatura sa childcare. Kabilang sa mga programa sa childcare (pag-aalaga ng bata) ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga programa ng childcare ng pamilya (iyon ay, childcare na nakabase sa tirahan)
- Mga programang Pre-K (iyon ay, bago ang kindergarten) sa mga pribado at pampublikong paaralan
- Mga programang Head Start at Early Head Start
- Mga pribadong childcare center

Dapat bang magsagawa ang ibang mga lugar na pinagtatrabahuhan—hindi kabilang ang listahan sa itaas—ng mga screening ng temperatura sa mga tauhan at/o ibang darating sa lokasyon?

Sa pagkakataong ito, hindi inirerekomenda ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda na rutinang sukatin ng lahat ng lugar na pinagtatrabahuhan ang mga temperatura ng mga tauhan bilang paraan ng pag-screen para sa posibleng impeksyon ng COVID-19. Mangyaring tandaan na ang mga kapakinabangan sa pagtatanong ng tungkol sa mga sintomas *kasama ang* pagsukat sa mga temperatura ay pinakamalaki sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kapag nahantad sa COVID-19 ang mga manggagawa sa maraming kritikal na imprastruktura at ang pag-aatas sa lahat ng nahantad na manggagawa na mag-quarantine sa bahay ng 14 na araw ay magdudulot ng malaking kakulangan sa tauhan.
- Mga saradong kapaligiran kung saan maaaring mabilis na kumalat ang COVID-19 kung darating sa pasilidad, gaya ng nursing home, mga kulungan, at pasilidad para sa detensyon.
- Mga sitwasyon kung saan ang mas higit pang mabibisang hakbang gaya ng pananatiling nakalayo ng 6 na talampakan at pagpapasuot ng mga facemask/pantakip sa mukha sa lahat ay hindi posible gaya ng sa mga programa ng childcare.
- Mga lugar na naglilingkod sa mga taong higit na nanganganib na magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19 (hal., mga ospital, klinika, nursing home).

Dapat bang itabi sa file ng mga lugar na pinagtatrabahuhan ang impormasyon sa temperatura at screening sa sintomas ng tauhan?

Ang mga lugar na pinagtatrabahuhan ay maaaring magpasya kung gusto nilang panatilihin nasa file ang screening para sa mga sintomas at pagkahantad sa COVID-19. Kung pipiliin ng lugar na pinagtatrabahuhan na gawin ito, inaatasan ng Cal/OSHA ang mga negosyong itabi ang mga dokumentong ito ng 30 taon pagkatapos



umalis ang empleyado sa organisasyon. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Cal/OSHA:: Access sa Pamantayan sa Pagkahantad ng Empleyado at mga Medikal na Rekord \(8 CCR 3204\)](#).

MGA KONSIDERASYON SA PAGTATALAGA NG MGA STATION PARA SA SCREENING NG TEMPERATURA

- Pagpasyahan ang mga sumusunod na tatlong salik alinsunod sa seksyon ng [Mga Konsiderasyon para sa mga Itinatanong sa Screening para sa COVID-19](#) ng dokumentong ito: Sino ang mai-screen para sa mga sintomas at pagkahantad sa COVID-19? Sino ang magbibigay ng mga katanungan para sa pag-screen sa COVID-19? Saan isasagawa ang mga screening?
- Maglagay ng pisikal na pangharang, gaya ng salaming bintana o malinaw na plastik, sa pagitan ng mga taong pumapasok sa gusali at (mga) taong nagsasagawa ng pagbabasa ng temperatura.
 - Ang mga station ay dapat italaga nang may hindi bababa sa 6 na talampakang pagitan mula sa bawat isa, at sa paraang pinepreserba ang kumpidensyalidad ng taong ini-screen.
 - Kung hindi makakapagtalaga ng pangharang, ang taong sumusukat sa mga temperatura ay dapat magsuot ng mga sumusunod na personal na pumuprotektang kagamitan (PPE): facemask, proteksyon sa mata (goggles o disposable na face shield na natatakpan ang buong harapan at mga gilid ng mukha), at disposable na guwantes. Ngunit, mas kaunti ang bisa ng PPE lamang kaysa sa pangharang. Bukod dito, dapat sanayin ang mga tauhan sa kung paano gagamitin ang PPE.
- Kapag pumipili ng uri ng thermometer na gagamitin:
 - Para sa lahat ng uri ng thermometer, ang mga thermometer na may mas mataas na kalidad ay mas malamang na magbigay ng mas tumpak na sukat. Sundin ang mga patnubay ng tagapagmanupaktura.
 - Inirirekomenda ng Alameda County Public Health Department (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda) ang mga non-touch (infrared) na thermometer, may mga sumusunod na kondisyon:
 - Ang mga non-touch thermometer ay nagagawang magbigay ng mas mababang temperatura kumpara sa mga isinusubong thermometer, lalo na kapag ginagamit sa labas.
 - Kung ang mga isinusubong thermometer ang ginagamit, ang pagkain, o pag-inom ng mga likido at solidong pagkain sa loob ng 30 minuto ay maaaring magdulot ng hindi wastong pagbasa.



MGA PAMAMARAAN PARA SA PAGSUKAT NG MGA TEMPERATURA

Itinuturing ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng County Alameda ang sinumang may temperaturang 100 degrees F (37.8 C) o mas mataas pa na nilalagnat (iyon ay mayroong lagnat). **Ang sinumang may temperaturang 100 degrees F (37.8 C) o mas mataas pa ay agad na dapat pauwiin at hindi pahintulatang pumasok sa lugar na pinagtatrabahuhan.** Ang mga temperaturang mababa sa 96°F (35.6°C) ay dapat muling siyasatin upang matiyak na tumpak ang lumabas na temperatura.

Tandaan: Ang sinumang nagpapakita ng mga palatandaan ng lagnat o iba pang mga sintomas ng COVID-19 ay agad na dapat umalis ng trabaho, ipaalam sa superbisor, at tawagan ang primary care provider (pangunahing tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) o medikal sa bahay. Ang mga batang nasa mga programa ng childcare ay hindi dapat pahintulatang pumasok habang nagpapakita ng mga sintomas. Para sa ibang mga grupo, sumangguni sa protokol ng organisasyon.

Mga tagubilin sa pagsukat ng temperatura kapag may nakalagay na pisikal na pangharang (mas mainam na paraan):

- Sa pagdating sa station para sa temperatura, laging hugasan ang mga kamay at magsuot ng mga disposable na guwantes. Kapag gumagamit ng non-touch (infra-red) o temporal na thermometer, hindi kailangang magpalit ng guwantes bago ang susunod na pag-screen sa temperatura kung ang (mga) taong nagsasagawa ng mga screening sa temperatura ay hindi nahawakan ang mga taong ini-screen.
- Kapag sinusukat ang mga temperatura, tumayo sa likod ng malinaw na pisikal na pangharang, gaya ng salaming bintana o plastik na pangharang, para maprotektahan ang iyong mukha mula sa panrespiratoryong tumatalsik na maaaring lumabas kapag ang kliyente ay bumabahing, umuubo, o nagsasalita. Kapag may inaabot sa kabilang panig ng pisikal na pangharang, ang (mga) taong nagsasagawa ng mga screening sa temperatura ay dapat tiyakin na ang kanilang mukha ay nananatiling nasa likod ng pisikal na pangharang, sa lahat ng oras.

Mga tagubilin sa pagsasagawa ng mga screening sa temperatura kapag mayroon PPE ngunit walang pisikal na pangharang.

- Sa pagdating, maghugas ng kamay at magsuot ng facemask, proteksyon sa mata (goggles o disposable na face shield na natatakpan ang buong harapan at mga gilid ng mukha), at isang pares ng disposable na guwantes.
 - Sundin ang mga kasalukuyang rekomendasyon ng CDC para sa [mga facemask](#) at [proteksyon sa mata](#).



- Sundin ang gabay ng iyong pasilidad hinggil sa kung paano ligtas na isusuot at huhubarin ang PPE. Kung walang gabay, sumangguni sa [Mga inirerekomenda ng CDC na pagkakasunud-sunod sa pagsusuot at paghuhubad ng PPE](#).
- Ang mga salamin sa mata ay hindi itinuturing na sapat na proteksyon sa mata dahil hindi natatakpan ng mga ito ang mga gilid ng mukha. Ang paggamit ng proteksyon sa mata gaya ng goggles o disposable na face shield na natatakpan ang buong harapan at mga gilid ng mukha.
- Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig ng 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng 60% alkohol. Kung kitang-kitang marumi ang mga kamay, dapat gumamit ng sabon at tubig bago gumamit ng hand sanitizer na may alkohol.
- Magsagawa ng screening sa temperatura.
 - Kung ang temperatura ay mababa sa 96°F (35.6°C), muli itong tingnan.
 - Kapag gumagamit ng non-touch (infra-red) o temporal na thermometer, kung hindi mo nahawakan ang tanong ini-screen, hindi mo kailangang magpalit ng guwantes bago ang susunod na pagtingin.
 - Kung gumagamit ng temporal na thermometer, linisin ito gamit ang alcohol wipe (o isopropyl alcohol sa isang cotton swab) sa pagitan ng bawat kliyente. Maaari mong muling gamitin ang parehong wipe hanggang ito ay basa.
 - Kung gumagamit ng isinusubong thermometer, gumamit ng malinis na guwantes para sa bawat indibidwal at linising mabuti ang thermometer sa pagitan ng bawat pagtingin. Ang isinusubong thermometer na may disposable probe na pantakip ay maaari ring gamitin.
- Sa katapusan ng shift, o kapag umaalis sa lokasyon ng screening (iyon ay, para sa pagpapahinga para sa tanghalian), hubarin at itapon ang PPE, at hugasan ang mga kamay gaya ng inilalarawan sa itaas.

Mga kondisyong maaaring makaapekto sa mga nababasang temperatura:

- Ang katamtamang temperatura, sinag ng araw, at hangin ay maaaring magdulot ng hindi tumpak na pagbabasa sa noo (temporal) o infrared thermometer kapag ginagamit sa labas.
- Ang pagkain ng mainit o malamig na pagkain at/o mga inumin sa loob ng 30 minuto ay maaaring magdulot ng hindi tumpak na pagbabasa gamit ang isinusubong thermometer.
- Ang pag-eehersisyo sa loob ng 30 minuto ng pagbabasa ay maaaring magdulot ng mataas na temperatura sa lahat ng device.
- Ang pag-inom ng mga gamot na pampatanggal ng pananakit o pagpapababa ng lagnat gaya ng aspirin, acetaminophen (iyon ay, Tylenol), ibuprofen (iyon ay, Motrin or Advil), o naproxen (iyon ay, Aleve) ay maaaring magdulot ng hindi tumpak na pagbabasa para sa isang taong sa ibang paraan ay maaaring magpakita ng mga palatandaan ng lagnat.
- Ang matatanda at/o mga taong nakompromiso ang immune system ay maaaring hindi magkaroon ng mataas na lagnat.



**Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department**

www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

- Ang mga pasyenteng naninirahan sa malalamig na kondisyon ay maaaring magkaroon ng mababang temperatura sa katawan sa kabila ng impeksyon. Ang device para sa temperatura ay sasalamin sa aktwal na temperatura ng katawan, ngunit ang temperatura ng katawan ay maaaring hindi tumaas bilang pagtugon sa impeksyon. Hubarin at itapon ang PPE, at hugasan ang mga kamay gaya ng inilalarawan sa itaas.